# Judkins Park: Pagdinig sa Publiko ng Sona sa Bawal na Paradahan (Restricted Parking Zone Sona sa Bawal na Paradahan)

## Mga Detalye ng Birtwal na Pampublikong Pagdinig:

- Petsa: Setyembre 25, 2024
- Oras: 6 ng gabi

Ang Seattle Department of Transportation (SDOT) ay magdaraos ng isang birtwal na pampublikong pagdinig tungkol sa aming bagong plano sa paradahan para sa lugar ng paligid ng magiging Judkins Park Light Rail Station. Ipapaliwanag namin ang aming plano, sasagutin ang inyong mga tanong, at pakikinggan ang inyong mga komento.

Upang malaman nang higit pa at magpa-lista para sa pagdinig, bisitahin ang link na ito: www.seattle.gov/transportation/judkinspark

## Bakit Kailangan Natin ng Bagong Plano sa Paradahan

Ang panibagong Judkins Park Light Rail Station ay planong magbubukas sa huling bahagi ng 2025. Gusto naming bawasan ang buong-araw na pag-paparada malapit sa istasyon ng mga pasahero ng light rail. Ito ay makakatulong sa pagbaba ng mga emisyon ng carbon, polusyon sa hangin, at pagkaabala sa trapiko. Gusto naming gawin ang mga sumusunod:

- Hikayatin ang paglalakad, pagbibisikleta, at paggamit ng pampublikong transportasyon
- Ibigay ang prayoridad sa pag-paparada para sa mga residente
- Magbigay ng maikling panahon na paradahan para sa mga bisita ng mga negosyo, paaralan, at mga parke




## Ang Aming Naririnig mula sa Inyo

Noong Pebrero, ibinahagi namin ang aming unang plano at humiling ng inyong mga puna sa pamamagitan ng isang online na sarbey.

- 84% ay sumusuporta sa mga layunin ng aming proyekto.
- 75% ng mga residente ay sumasang-ayon sa paglikha ng isang Sona sa Bawal na Paradahan (Restricted Parking Zone).

Batay sa inyong puna, binago namin ang plano. Pinalawak namin ang lugar sa pamamagitan ng isang bloke pahilaga at nagmumungkahi kami ng isang malaking sona sa halip na dalawang mas maliit.

Seattle Department of Transportation

SoundTransit

## Ang Aming Iminungkahing Plano

- Iminumungkahi namin ang isang bagong Restricted Parking Zone (RPZ) sa loob ng 1/4 milya na gagawing istasyon. Ililimita ng mga karatula ang pagpaparada sa 2 oras mula 7 AM hanggang 6 PM, Lunes hanggang Biyernes, maliban kung mayroon kayong permiso.
- Iminumungkahi namin ang 2- o 4 na oras na mga limitasyon sa pang-araw na paradahan sa tabi ng mga hindi tirahan na lugar tulad ng mga negosyo, mga paaralan, mga simbahan, at mga parke.
- Plano naming magtatag ng mga bagong sona ng sakayan kung saan kailangan ang mga ito para sa madaling pagkarga at pagbaba ng mga tao at mga kalakal.
- Susuriin din namin ang mga kondisyon ng kalye at paghigpitan ang paradahan malapit sa mga tawiran at interseksyon kung kinakailangan upang matiyak na ang mga nagmamaneho at mga naglalakad ay maaaring makita ang bawat isa.

## Ibahagi ang Inyong mga Iniisip

Bago ang pagdinig, o kung hindi kayo makadalo sa pagdinig, maaari ninyong ibahagi ang inyong mga tanong o komento sa pamamagitan ng pag-email sa amin sa JudkinsParkLR@seattle.gov o pagtawag sa 206-615-0479.

Ang inyong iaabot na puna ay mahalaga sa amin. Tinatanaw namin na marinig ang tugon na galing sa inyo!




Pasukan ng Istasyon

Iminung kahing Lugar para sa Mga Pagbabago sa Paradahan sa

Ang RPZ 17 na mga kalye ay isasama sa bagong RPZ